



MAPLESCHOOL

# NEWSLETTER / JANUARY 2019

Brought to you by Maple Elementary PTSA. Also available online at [MaplePTSA.com](http://MaplePTSA.com)

## BAGONG TAON SA PAMILYA NG MAPLE!

2Ang 2019 ay nagsimula na maganda sa ating lahat sa Paaralan ng Maple. Ang taong ito ay nakakatuwa dahil ang ating mga magaaral ay nagpapakita ng paglago sa kanilang kaalaman kaya marami tayong ipinagdiriwang. Umaasa ako na ang inyong mga anak ay dadalhin ang mga istorya ng tagumpay at mabuting balita mula sa paaralan tungo sa inyong mga tahanan.



Ang unang linggo ng Pebrero ay ating ipagdiriwang bilang isang "Black Lives Matter" sa ating mga paaralan sa Seattle at sa ating buong bansa. Ang ating mga magaaral ay tatalakay sa mga maselang paksa. Ang mga katulad nito ay katarungang panlipunan, pagtatangi ayon sa kulay ng ating mga balat, ibang uri ng pananalita ng ibat ibang uri ng mga tao.

Sa bandang huli ako'y nagpapasalamat sa inyong patuloy na pagtangkilik at sana, ang bagong taong ito ay patuloy maging isang magandang taon para sa ating lahat.

Elena Sanchez, *Prinsipal*



## BREAKFAST AT MAPLE

Paalala lang po na hinahain ang almusal ng 7:30am hanggang 7:50am. Sana po makatulog ito sa mga magulang na kailangan umalis ng mas maaga dahil sa nakasarang viaduct. Bilang karagdagan sa menu, ang mga estudyante ay pwedeng pumili ng mga pagkain na mas mabuti sa katawan katulad ng cereal na

mas konti ang asukal, 100% wheat na tinapay, sariwang prutas o prutas na nasa lata, 100% fruit juice at low-fat white milk. Ang almusal ay nasa halaga ng \$2.00 o libre para sa mga estudyante na kasali sa free/reduced lunch.



## GABI NG KAALAMAN PANG PAMILYA:

Nuong nakaraang Huwebes, Enero 17, maraming dumalo sa ating unang "Family Literacy Night" ng 2019. Ang inyong paglalahad ng inyong mga pamilyang kasaysayan ang paksa ng gabing iyon. Nalaman ng mga magulang na ang kasaysayan ng kanilang pamilya ay may kinalaman sa paglago ng kanilang karunungan at mga bagay tungkol sa emosyon.

Ang mga magulang na dumalo ay sumasangayon na pagusapan at itala ang mga ito sa darating na mgalinggo. Sa ating pagtitipon sa Marso 14 para sa ating pangalawang Family Literacy Night madirinig natin kung ano nga ang nangyari at ang mga ibang magulang ay maglalahad ng kanilang mga istorya sa kanilang mga katutubong wika.

Sa ikatlong Literacy Night sa Mayo, ang mga mag aaral naman ang siyang mangunguna ng pag sasali ng kanilang kasaysayan. Nakakatuwa at nakakamangha na pakinggan ang mga kasaysayan ng ibat ibang pamilya. Hindi pa huli upang kayo ay sumali sa ganitong programa kung sang ayon kayo ay makipag alam kay Julie Savas; [jmsavas@seattleschool.org](mailto:jmsavas@seattleschool.org).

## MAGPLANO NG MAAGA:

- February 12: PTSA Meeting  
6:30pm / Teacher's Lounge
- February 18: President's Day / No school
- February 19-22: Mid-winter break  
No school
- March 7: Maple Grows Community Meeting  
6:00-8:00pm
- March 12: PTSA Meeting  
6:30pm / Teacher's Lounge
- March 14: Family Literacy Night

## TAKBUHANG PAMBABAE



Girls on the Run ay magsisimula sa Marso 15 hanggang Mayo 21. Ang pagsasanay sa takbuhang

ito ay tuwing Martes at Huwebes mula 2:30-4:00 ng hapon sa B4. Ang GOTR ay puno ng mga gawain na makakatulong upang ang ating mga magaaral na babae ay magkaroon ng tiwala sa sarili, pagsasama at katuwaan, sa pagsama sa mga palaruan. Ang gawaing ito ay bukas para sa lahat ng batang babae mula sa Antas na 3 hanggang 5. Kung nais sumali ay magpatala online sa: [www.GTRPUGETSOUND.org](http://www.GTRPUGETSOUND.org) bago mag 8 ng Pebrero o kaya, tanungin si Ms. Cole (B3), [accolle@seattleschool.org](mailto:accolle@seattleschool.org).

## PILIIN ANG GUSTONG TULUNGAN



Donors choose ay isang samahan na kung saan ito ay tutulong para pondohan ang mga silid aralan.

Ang mga guro ng Maple ay may

listhan ng maraming mga proyekto na maari ninyong tulungan. Kung gusto ninyong tumulong pumunta lamang sa [donorchoose.org](http://donorchoose.org) at itype ang pangalan ng teacher sa search bar.

- Ms. LaBlond (K) - When Learning Feels Like Play... Hooray! / Expires Mar 20

"Help me give my students engaging math tools, nonfiction books that pique their interests, and materials for creative free play."



Scan here to learn more and to donate or visit [maplepta.com/maple-donorschoose](http://maplepta.com/maple-donorschoose).

**BOX TOPS SPRING COLLECTION**



Salamat na muli sa inyong pagtangkil sa box tops collection drive; sa kabuuan tayo ay nakalikom ng \$300. Kung gusto ninyong sumali sa ganitong proyekto, dalhin ang inyong box tops sa Biyernes Pebrero 22. Pwede pa rin po kayong magkolekta ng box tops hanggang Mayo at kasali ito sa classroom contest. Alinmang klase ang pinakamaraming box tops ay mananalo ng premyo sa katapusan ng taon. Ang top 3 classrooms na magsubmit ng box tops ay tatanggap ng premyo sa katapusan ng taon. Pakilagay lang po ang mga box tops sa inyong classroom collection box.

*Salamat sa inyong pagtulong. Agnes Gomez/ Box Tops for Education coordinator*



**MAGTULUNGAN PARA SA ATING KALUSUNGAN**

Maligayang bagong taon at umaasa ako na kayong lahat ay nagkaroon ng magandang pagpapahinga para maiwasan ang pagkakasakit sa mga buwang darating. Gawin ang mga sumusunod:

1. Ang mga temperatura ng mga bata na 100F o mataas pa ay huwag na munang papasok sa paaralan.
2. Ang madalas na pag ubo ay dapat takpan ang mga bibig. Kung ang pag ubo at sipon ay tumagal ng dalawang linggo ang bata ay dapat makita ng doktor.
3. Kung nagtatae o nagsusuka huwag na munang pumasok ang bata hanggat hindi pa gumagaling.
4. Ang mga batang may sakit na pag ubo, sipon, pagtatae ay dapat manatili sa bahay o makita ng doktor at pumasok lamang kung gumaling na para hindi makahawa sa ibang mag aaral.



**MAPLE LENDING LIBRARY**

Mayroon ba kayong aklat na pang bata na nakakalat at hindi na binabasa sa bahay?

Matutuwa ang ating Maple Little Free Library kung ito ay inyong dadalhin sa kanila. Ang "Little Free Library" ay matatagpuan sa isang la mesa sa kabila ng display case sa harap ng hallway ng Building A. Ang mga estudyante at ang kanilang pamilya ay maaring kumuha ng isa o ilang libro at pwede nilang iuwi a bahay.

Kung tapos na nilang basahin pwede nilang itago o ibalik sa eskwelahan. Makipag alam kina Ms. Trudnowski at Ms. Sava kung ano ang mga libro na kanilang kailangan. Ang opisina nila ay nasa Pod C-2 ( Mrs. Trudnowski) at Pod B-1 (Mrs. Sava).  
Salamat na muli sa inyong mga donasyon!

**STAY CONNECTED**

Gusto ba ninyong malaman ang mga nagaganap sa Maple:

1. Sumali sa Maple Friends and Family facebook para malaman ang mga bagong balita.
2. Sumali sa Maple PTSA email list, email [mapleptsa@gmail.com](mailto:mapleptsa@gmail.com).
3. Para sa mga kasalukuyan K-1 sumali sa natatanging facebook group.

Para malaman kung ano ang nangyari sa mga nakaraang miting pumunta lamang sa [mapleptsa.com](http://mapleptsa.com) Kung may mga katanungan kayo at marami pang bagay na gusto ninyong malaman dumalo sa mga pag pupulong tuwing Martes kada buwan 6:30-8:00 ng gabi sa Teachers Lounge.



Scan here for Facebook Page



Questions, comments or ideas for the newsletter  
Email: [mapleptsa@gmail.com](mailto:mapleptsa@gmail.com)

The Newsletter is published Bi-monthly.  
For more up-to-date School News, visit our website: [MaplePTSA.com](http://MaplePTSA.com)



**LUMALAGONG PAARALANG MAPLE GROVE**

Ang labas ng paaralan ay malaking bahagi ng pag kakatuto ng ating mga mag aaral. Ito ay nagagamit hindi lamang ng ating mga sariling mag aaral. Kadalasan ang ating mga kapitbahay na naninirahan sa ating paaralan ay ginagamit ito sa mga piknik, paglalaro o minsan ay nakaupo lamang at hangaan ang kapaligiran.

Sa pagtutulungan ng Seattle Department of Neighborhood at ng ating paaralan ay makakalikha tayo sa pag sasanib ng kultura, kalinangan at makasining na mga gawaing para sa lahat.

Gusto naming marinig ang inyong saloobin sa mga bagay na ito sa mga susunod nating pagpupulong.

- March 7 and April 2 / 6-8pm at Maple School
- Snacks and Childcare will be provided
- Español, 中文, Somali, Tiếng Việt and English language assistance available!

Ideas, questions & comments: [maplegrows98108@gmail.com](mailto:maplegrows98108@gmail.com)